Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*




# 3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
## Igagalang Ko, Paniniwala ng Iba



**Pangalan:**________________________________________

**Baitang at Seksyon:**________________________________

**Paaralan:**_________________________________________



## Alamin

Ang modyul na ito ay dinesenyo at sinulat para sa iyo. Narito ito upang tulungan kang maging bihasa sa pagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos. Ang layunin ng paggalang ay upang maipakita ang pagmamahal sa Diyos at sa lahat ng Kanyang nilikha kaakibat ang pag-asa.

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang;

1. Nakakikilala sa iba't ibang relihiyon,
2. Nakapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos; at
3. Natutukoy ang tamang paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos.

**MELC CODE: EsP3PD-Iva-8**



## Subukin

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pangungusap. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

1. Nakita mo si Rose, ang naging kaibigan mo sa girl scout at naiiba ang kanyang relihiyon na nanonood habang kayo ng mga kaibigan mo ay naglalaro.
   Ano ang iyong gagawin?
   A. Pagtawanan sapagkat iba ang kaniyang relihiyon.
   B. Balewalain dahil siya ay hindi kasapi ng inyong relihiyon.
   C. Lapitan at pasalihin sa laro
   D. Hayaan na lamang na siya ay manood.
2. Ipinagdiwang ni Maria ang kanyang kaarawan kasama ang kanyang mga kagrupo sa scouting na mga Muslim at Seventh Day Adventist.
   Paano naipapakita ni Maria ang kanyang paggalang sa kaibigang Muslim at Seventh Day Adventist?
   A. Pasaluhin sila sa mga pagkain tulad nga letchon baboy, adobong baboy at iba pa.
   B. Bigyan sila ng sariling lamesa na nakahanda ang pagkaing bawal.

C. Bigyan sila ng sariling lamesa na nakahanda ang mga pagkaing hindi bawal sa relihiyon ng kanyang kasama.
D. Hayaan ang mga ito.

3. Bakit kinakailangan nating respetuhin ang ibang relihiyon?
   A. Upang maging magulo ang mundo.
   B. Upang maging sikat tayo sa ibang bansa sa pagkakaroon ng maraming relihiyon.
   C. Upang mas marami pa ang mag-iinggitan.
   D. Upang maging payapa at matiwasay ang ating komunidad.

| Modyul 5 | Igagalang Ko, Paninniwala ng Iba |
|---|---|

“Kung nais mong igalang ng iyong kapuwa ang iyong paniniwala, nararapat lamang na igalang mo rin ang kaniyang paniniwala.” Sa araling ito, ay matutunan ninyo ang paggalang sa paniniwala ng iba at kung paano natin ito maipapakita.



## Balikan

Lagyan ng tsek **(/)** ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pananalig sa Diyos. Ekis **(X)** kung hindi.

_____1. Bawat gabi ay sabay-sabay na nananalangin ang Pamilya Mamac bago matulog.

_____2. Ang pamilyang Palicte ay naniniwala na balang araw makakahaon din sila sa kahirapan.

_____3. Si Fe ay nagsisimba lamang tuwing may malakingproblema.



## Tuklasin

Bilugan ang mga letra sa loob ng puzzle upang matukoy ang ibat-ibang uri ng relihiyon.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | G | L | E | S | I | A | N | I | K |
| G | O | S | P | E | L | B | B | L | A |
| L | L | A | I | A | D | C | V | L | T |
| E | L | D | L | D | S | A | L | A | O |
| S | T | S | I | T | B | A | B | T | L |
| I | O | I | P | A | E | L | A | S | L |
| A | Y | T | I | P | E | L | B | I | M |
| N | U | A | N | M | T | I | T | D | O |
| I | I | C | A | P | H | A | I | A | R |
| C | R | L | S | O | E | N | S | B | M |
| R | S | E | T | O | B | C | M | A | E |
| I | E | V | A | I | D | Y | A | S | E |
| S | E | E | D | U | O | A | L | O | B |
| T | I | U | R | A | G | S | I | I | G |
| O | K | I | L | O | T | A | K | O | H |



## Suriin

Bawat isa sa atin ay may sariling paniniwala tungkol sa Dakilang Lumikha. Kabilang dito ang relihiyong Katoliko, Islam, Seventh Day Adventist o Sabadista, Babtist, Inglesia Ni Cristo at marami pang iba.

Bagama't iba-iba man ang paniniwala mahalagang igalang ang bawat isa tulad ng:

- Paggalang sa kanilang paraan ng pakikipag-ugnayan o pagsamba.
- Paggalang sa lugar ng sambahan ng iba.
- Pagkakaroon ng bukas na isipan at pagrespeto sa kanilang paniniwala.
- Pakikipagkaibigan sa may ibang paniniwala.


Ang pagkakaroon ng relihiyon ay isang bahagi ng ating pagkatao. Kung kaya hindi naman nangangailangang ipilit natin ang ating pinaniniwalaan sa iba kung sila mismo ay naninindigan sa kanila mismong paniniwala. Ang paggalang sa paniniwala ng iba ay mahalaga sapamumuhay ng payapa. Lagi nating pakakatanda na meron man tayong ibat-ibang paniniwala tungkol sa Dakilang Lumikha ang paggalang at pagtanggap ay susi sa pagkakaunawaan at pagkakaroon ng kapayapaan.

Bilang isang batang Pilipino, mahalagang maipakita mo ang paggalang at pagrespeto sa paniniwala ng iba.



## Pagyamanin

Kumpletuhin ang graphic organizer.






## Isaisip

Isulat sa patlang ang **TAMA** o **MALI**. Ang pamilyang Yapana ay nabibilang sa ibang relihiyon na lumipat sa tabi ng iyong tahanan. Ano ang iyong gagawin?

__________1. Ipagtsismisan mo sa iyong mga kapitbahay na sila ay masama at dapat ipagtabuyan.

__________2. Puntahan ang bagong lipat at pagsabihan na mas mabuti pang umalis nalang sila dahil isa silang malaking impluwensiya sa mga maling kagawian.

__________3. Galangin ang kanilang paraan at pag-uunawa sa pagsamba.



## Isagawa

Piliin ang tamang salita at isulat sa patlang upang makabuo ng isang pangungusap.

1. Tratuhin ko nang __________ **(mabuti, masama)** ang kaibigan kong may ibang pananaw sa relihiyon.
2. **(Balewalain, Pakinggan)** __________________ ang pamamaraan ng pagsamba ng iyong kaklase upang ito ay iyong maunawaan.
3. **(Paggalang, Pagsigaw)** ____________________ sa lugar ng sambahan ng iba.



## Tayahin

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pangungusap. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

1. Sa iyong pamamasyal ay may napansin kang lalaking muslim na tila nawawala. Ano ang iyong gagawin?
   A. Hindi ko siya papansinin sapagkat iba ang kaniyang relihiyon.
   B. Lalapitan ko siya at tutulungan kahit magkaiba kami ng relihiyon.
   C. Kakaibiganin ko siya ngunit siya'y aking ililigaw.
   D. Hihikayatin ko siyang lumipat sa aking relihiyon at siya'y aking tutulungan.
2. Bakit kailangan nating igalang ang ibat-ibang relihiyon?
   A. Upang magkaroon ng payapang lipunan.
   B. Upang magkaroon ng marami pang ibat-ibang pananaw sa pagsamba.
   C. Upang maging mayaman tayo sa pamamaraan ng pananampalataya.
   D. Upang tayo ay maging kakaiba sa bawat isa.
3. Paano mo maipapakita ang iyong paggalang sa ibang relihiyon?
   A. Papasukin ang kanilang simbahan at sirain ang kanilang mga kagamitan.
   B. Mag-iwan ng basura o patay na daga sa harapan ng pintuan ng simbahan.
   C. Pagkakaroon ng bukas na isipan at pagrespeto sa kanilang paniniwala.
   D. Hihikayatin ko silang lumipat sa aming relihiyon.
4. Isang pamilya na nabibilang sa ibang relihiyon ang lumipat sa tabi ng iyong tahanan. Ano ang iyong gagawin?
   A. Imungkahing lumipat sila sa iyong relihiyon.
   B. Huwag magpahiwatig ng pagnanais na matutunan ang kanilang relihiyon.

C. Sabihin sa iba mong kapitbahay nag awing miserable ang buhay ng bagong lipat na pamilya upang lumipat na sila sa ibang relihiyon.
D. Tratuhin sila nang hindi naiiba sa ibang kapitbahay, na hindi iniintindi ang mga pagkakaiba ng inyong mga relihiyon.

5. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang **hindi** nagpapakita ng paggalang sa ibang relihiyon?
A. Pagkakaroon ng bukas na isipan at pagrespeto sa paniniwala ng iba.
B. Pakikipagkaibigan sa may ibang paniniwala.
C. Sisigaw ng malakas sa labas ng simbahan habang ang nasa loob ay patuloy na nagdarasal.
D. Paggalang sa lugar ng sambahan ng iba.



## Karagdagang Gawain

Gumawa ng poster na nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos.

**Rubrik sa Paggawa ng Poster**

| Kraytirya | Di-Pangkaraniwan (5) | Kaha nga-hanga (4) | Katang gap-tangap (3) | Pagtatang-ka (2) |
|---|---|---|---|---|
| **Paksa** | Angkop at eksakto ang kaugnayan sa paksa | May kaugna-yan sa Paksa | May maliit na kaugna-yan | Walang kaugnayan |
| **Pagkama likhain** | Gumamit ng maraming kulay at kagamitan na may kaugnayan sa | Guma-mit ng kulay at iilang kagami-tan na may kaugna- | Makulay subalit hindi tiyak ang kaugnayan | Hindi makulay |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | paksa | yan sa paksa | | |
| **Kalidad ng ginawa** | Makapukaw interes at tumitimo sa isipan | Makata-wag pansin | Pansinin ngunit di makapu-kaw isipan | Di-makapu-kaw ng interes at isipan |
| **Kalinisan** | Maganda, malinis at kahanga-hanga ang pagkagawa | Malinis | Ginawa ng apurahan ngunit di-marumi | Inapura ang paggawa at marumi |
| **Total:** | 20 | 16 | 12 | 8 |

**Iskor:**

**17-20** - **Di-pangkaraniwan** (5points)
**13-16** - **Kahanga-hanga** (4points)
**9-12** - **Katanggap-tanggap** (3points)
**8** - **Pagtatangka** (2points)


**Sanggunian:**

- Maria Carla M. Caraan, et al., Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya Unang Edisyon 2014, pahina 198 – 204

https://www.pinterest.ph/pin/256846603550197777/
https://www.shutterstock.com/search/father+son+praying
https://www.ocregister.com/2010/05/29/scouts-honor-veterans-ahead-of-memorial-day/



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **JERICK P. MAMAC**
**Teacher I**
San Vicente Elem. Sch./Tungawan District
Zamboanga Sibugay Division

Editor: Baby Aida S. Awang
Tagasuri: Baby Aida S. Awang
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP
Tagapamahala:
Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas, OIC ASDS
Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, OIC SDS